

フィリピノ語版

就学ガイドブック

Aklat na Patnubay sa Pagpasok sa Paaralan

日本の学校への入学手続き
Paraan ng Pagpasok sa Paaralan ng Japan

2005年4月

Abril, 2005

文部科学省

Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya

目 次

1. 我が国の学校教育について	2
2. 就学手続きについて	12
3. 学校生活について	18
4. 教育相談について	30

Mga Nilalaman

1. Ukol sa Edukasyon sa Paaralan ng Ating Bansa	3
2. Ukol sa Paraan sa Pagpasok sa Paaralan	13
3. Ukol sa Buhay sa Paaralan	19
4. Konsultasyon ukol sa Edukasyon	31

1. 我が国の学校教育について

(1) 学校教育制度

1) 学校教育制度

- 日本の学校系統図

(4 ページ参照)

- 就学前教育について

満3歳から小学校就学までの幼児を対象とし、幼稚園で行われています。

- 義務教育について

義務教育は、満6歳～満15歳までの9年間、小・中学校及び盲・聾・養護学校（小学部・中学部）で行われています。


1. Ukol sa Edukasyon sa Paaralan ng Ating Bansa

(1) Ang Sistema ng Edukasyon sa Paaralan

1) Ang Sistema ng Edukasyon sa Paaralan



- **Ang Organisasyon ng Sistemang Pang-edukasyon sa Japan**
(Tingnan sa pahina 5)
- **Ukol sa Edukasyon bago Pumasok sa Paaralan**
Isinasagawa ito sa mga kindergarten na umaayon sa mga batang may edad na tatlo hanggang sa pumasok sa elementarya.
- **Ukol sa mga Kinakailangang Edukasyon (Compulsory Education)**
Siyam na taon ang kinakailangang edukasyon ng mga bata simula sa ika-anim hanggang ika-labinlimang taon gulang, na isinasagawa sa mga elementarya/junior high school, o sa mga paaralan para sa mga bulag/bingi/may kapansanan sa katawan o pag-iisip (dibisyon ng elementarya/dibisyon ng junior high school).

日本の学校系統図



Mapa ng Sistema sa Paaralan ng Japan

Edukasyon bago Pumasok sa Paaralan	Primaryang Edukasyon	Sekundaryang Edukasyon	Mas Mataas na Edukasyon
------------------------------------	----------------------	------------------------	-------------------------



● 初等中等教育について

小学校は、満6歳を過ぎた最初の4月から入学することができ、6年間の教育を受けます。小学校を卒業すると中学校に入学することができ、3年間の教育を受けます。高等学校は、小学校及び中学校における義務教育を修了した人を対象に普通教育及び専門教育を行っており、通常3年間の教育を受けます。また、障害のある子どものために、通級指導教室や特殊学級が設置されている小・中学校や盲・聾・養護学校があります。ここでは、児童生徒一人一人の障害の状態に応じたきめ細かな教育が行われています。

公立小・中学校及び盲・聾・養護学校の小学部・中学部の授業料は、無償です。

● 高等教育について

高等教育は、主として大学と短期大学で行われています。これらは、高度で専門的な教育を行う機関で、通常、大学の修業年限は4年、短期大学は2年です。さらに高度な高等教育を行う機関として大学院（2年ないし5年）があります。

なお、この他に職業等に必要なる能力を育成する機関として専門学校（主に2年）があります。

2) 教育内容

● 教育課程（カリキュラム）

学校でどのようなことを学ぶかは、文部科学省が作成する学習指導要領によって定められています。各学校の教育課程は、それを基準として、各教科、道徳、特別活動及び総合的な学習の時間等から編成されています。

● **Ukol sa Primarya at Sekundaryang Edukasyon**

Maaaring pumasok ang mga bata sa elementarya at kumuha ng edukasyon sa loob ng anim na taon mula sa unang Abril matapos mag- ika-anim na taon gulang. Matapos ang elementarya, maring pumasok sa junior high school at kumuha ng edukasyon sa loob ng tatlong taon. Ang senior high school ay para sa mga taong nakatapos ng kinakailangang edukasyon sa elementarya at junior high school, na nagbibigay ng pangkaraniwan at teknikal na edukasyon na karaniwang kinukuha ang edukasyon sa loob ng tatlong taon. Mayroon din mga nakatatag na elementarya/junior high school, o paaralan para sa mga batang may kapansanan tulad ng mga bulag/bingi/mga batang may kapansanan sa katawan o pag-iisip na may classroom na naggagabay para sa ekspertong klase o espesyal na klase.

Doon ay ibinibigay ng isa-isa sa bawat batang estudyante ang angkop at mabisang edukasyon ayon sa sitwasyon ng kapansanan.

Libre ang matrikula sa mga pampublikong paaralan sa elementarya/junior high school at dibisyon ng mga paaralan para sa mga bulag/bingi/mga batang may kapansanan sa katawan o pag-iisip.

● **Ukol sa mas Mataas na Edukasyon**

Ang mas mataas na edukasyon ay karaniwang isinasagawa sa mga kolehiyo at junior college. Nagbibigay ang mga institusyong ito ng mas mataas at teknikal na edukasyon, na karaniwang natatapos ang pag-aaral sa loob ng apat na taon sa kolehiyo at dalawang taon sa junior college. May mga graduate school (dalawa o limang taon na kurso) na isinasagawa ng institusyon na may mas higit na mataas na edukasyon.

Maliban dito, may institusyon na vocational school (karaniwan ay dalawang taon na kurso) na pinauunlad ang mga kinakailangang kakayahan para sa iba't ibang hanap-buhay.

2) Nilalaman ng Edukasyon

● **Kurikulum**

Itinatakda kung ano ang dapat matutunan sa paaralan ayon sa balangkas ng patnubay sa pag-aaral na gagawin ng Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya. Ang kurikulum ng bawat paaralan ay isinasaayos at ito ang pamantayan ng bawat subject, mabuting asal, espesyal na aktibidad, oras ng

● 学習教科について

小学校では、国語、社会、算数、理科、生活、音楽、図画工作、家庭及び体育の各教科、道徳、特別活動及び総合的な学習の時間について学習します。

中学校では、国語、社会、数学、理科、音楽、美術、保健体育、技術・家庭及び外国語などの各教科、道徳、特別活動及び総合的な学習の時間について学習します。外国語は原則として、英語を学びます。

小・中学校、通級指導教室や特殊学級が設置されている小・中学校、盲・聾・養護学校とも、授業は通常日本語により行われます。

● 教科書について

学習に使用する教科書は、小・中学校及び盲・聾・養護学校の小学部及び中学部の児童生徒に対して、新学年になるたびに国から無償で一人一人に給与されます。

なお、高等学校及び盲・聾・養護学校の高等部については、国からは無償給与されません（ただし、盲・聾・養護学校の高等部については、都道府県教育委員会から購入費用の全額補助が受けられます。）。

また、学校では、教科書以外にも、補助教材といわれる参考書などを使用することがあり、それらについては、購入費用を支払わなければなりません。

● 進級・進学について

日本では、義務教育の期間は飛び級の制度はなく、入学（編入学）した学年から順次、上級学年の学習へと進んでいきます。義務教育終了後、高等学校に進学する際は、通常は入学者選抜試験を受けることとなります。

pangkalahatang pag-aaral at iba pa.

● **Ukol sa mga Subject na Pag-aaralan**

Pag-aaralan sa elementarya ang bawat subject tulad ng wikang Hapon, araling panlipunan, aritmetika, agham, kabuhayan, musika, sining, araling pantahanan at edukasyong pangkatawan, at ang mabuting asal, espesyal na aktibidad at ang pangkalahatang oras ng pag-aaral.

Pag-aaralan sa junior high school ang bawat subject tulad ng wikang Hapon, araling panlipunan, matematika, agham, musika, magagandang sining, edukasyong pangkalusugan at pangkatawan, teknikal/araling pantahanan at wikang banyaga at ang mabuting asal, espesyal na aktibidad at ang pangkalahatang oras ng pag-aaral. Ayon sa patakaran, pag-aaralan ang wikang Ingles bilang wikang banyaga.

Ang lahat ng pagtuturo sa elementarya/junior high school, mga nakatatag na elementarya/junior high school para sa mga bulag/bingi/may kapansanan sa katawan o pag-iisip na may classroom na naggagabay para sa ekspertong klase o may espesyal na klase ay pangkaraniwang isinasagawa sa wikang Hapon.

● **Ukol sa mga Aklat-aralin**

Ibinibigay nang libre ang mga aklat-aralin sa bawat estudyante na nasa elementarya, junior high school o nasa dibisyon ng elementarya/junior high school para sa mga bulag/bingi/may kapansanan sa katawan o pag-iisip sa tuwing simula ng taon ng pag-aaral,.

Hindi nagbibigay ang bansa ng libre sa senior high school at dibisyon ng senior high school para sa mga bulag/bingi/may kapansanan sa katawan at pag-iisip (subalit, ang ukol sa senior high school at dibisyon ng senior high school para sa mga bulag/bingi/may kapansanan sa katawan o pag-iisip, makakatanggap ng tulong mula sa Administrative Board of Education o sa Municipal Board of Education para sa lahat ng gastos na magagamit sa pagbili).

Gayundin, ang gastos na gagamitin sa pagbili ng tulad ng reperensiyang aklat na tinatawag na supplementaryong materyal sa pag-aaral na gagamitin sa paaralan maliban sa aklat-aralin ay kailangang bayaran.

● **Ukol sa Pagpapatuloy sa Baytang/Pag-aaral**

Sa Japan, walang sistema na maaaring laktawan ang panahon ng kinakailangang edukasyon, mula sa baytang ng pagpasok (pagtanggap sa pagpasok), itutuloy sa mataas na baytang ang pag-aaral ng sunod-sunod. Pangkaraniwan ang kumuha ng entrance exam sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa senior high school matapos ang mga kinakailangang edukasyon.

● 就学援助について

経済的理由により、公立の小・中学校への就学が困難と市教育委員会（地域によっては区教育委員会）又は町村教育委員会（以下、「市区町村教育委員会」という。）から認められた場合、学用品の購入費や学校給食費等の必要な援助が受けられます。

詳しくは、お住まいの市区町村教育委員会にお問い合わせください。

(2) 公立学校教員

我が国の場合、公立学校の教育に対する国民の信頼度は一般的に高いと言えます。その理由の一つとして、教員の質の高さをあげることができます。初等中等教育を担う教員は、我が国では高等教育機関において養成します。したがって、小学校・中学校の教員は、大学などにおいて教職の課程を修了した者であり、教員免許を有しています。また、公立学校の教員は、県教育委員会等が実施する教員採用選考試験を経て採用され、その後も教員としての資質をより高めるための研修の機会が多く準備されています。

● Ukol sa Tulong sa Pagpasok sa Paaralan

Kung napag-aalaman ng City Board of Education (Ward Board of Education, ayon sa lugar) o Town and Village Board of Education (Municipal Board of Education) na nahihirapan sa pagpasok sa paaralang pampubliko ng elementarya/junior high school ayon sa pinansyal na dahilan, maaaring makatanggap ng tulong tulad ng pambili sa mga gamit sa paaralan at bayad sa school lunch at iba pang kinakailangang tulong.

Para sa mga detalye, magtanong po lamang sa Municipal Board of Education sa inyong lugar.

(2) Mga Guro sa Paaralang Pampubliko

Masasabing malaki sa pangkaraniwan ang pagtitiwala ng mamamayan sa edukasyon ng paaralang pampubliko ng ating bansa. Maaaring sabihin bilang isa sa mga dahilan ang mataas na kalidad ng mga guro. Sa Japan, ang mga guro na nagtuturo sa primarya at sekundaryang edukasyon ay sinanay sa institusyon ng mas mataas na paaralan sa ating bansa. Kung kaya't, ang mga guro sa elementarya/junior high school ay mga taong nakatapos ng kurso sa edukasyon sa pamantasan at may taglay na lisensya. Bukod dito, ang mga guro sa mga pampublikong paaralan ay tinatanggap matapos kumuha ng board exam na ibinibigay ng mga Prefecture Board of Education. At matapos iyon, marami rin mga nakahandang pagkakataon na makapag-aral upang lalong mapataas ang kaalaman bilang guro.

2. 就学手続き

(1) 小・中学校に入学（編入学）するための手続き

1) 役所での手続き

保護者は初めに市役所（地域によっては区役所）又は町村役場（以下、「市区町村役場」という。）に行きます。そこで、まず外国人登録の手続きを行ってください。

続いて、子どもについて日本の学校への入学を希望する意志があることを伝え、「外国人児童生徒入学申請書」又は「就学案内」（新入学の場合のみ）が渡されますので、必要事項を記入して提出します。

数日後、市区町村教育委員会から、「外国人児童生徒入学許可書」が送付されてきたら、指定された学校の名前や場所を確かめます（その場で、「外国人児童生徒許可書」を受け取れる場合もあります。）。

2) 学校での手続き

保護者は、「外国人児童生徒入学許可書」を持って、子どもと一緒に学校へ行きます。そこで先生と今後の学校生活について話し合ってください。外国人児童生徒が日本の学校教育を受ける場合、その取り扱いは基本的には、日本の児童生徒と同じです。

日本の学校では、年齢により学年が決められます（4月2日から翌年の4月1日までに生まれた人は、同一の学年になります）。したがって、外国人の場合も原則として子どもの年齢相当の学年に編入されますので、母国の学校の学年とは一致しない場合があります。

2. Paraan sa Pagpasok sa Paaralan

(1) Mga Paraan sa Pagpasok (Pagtanggap sa Pagpasok) sa Elementarya/Junior High School

1) Paraan sa Opisina ng Gobyerno

Kailangang pumunta muna ang mga magulang/tagapag-alaga sa city hall (ward office, ayon sa lugar) o sa munisipyo (municipal office). Kailangan muna mag-apply doon para sa alien certificate of registration.

Sumusunod, ipalam ninyo na gusto ninyong ipasok ang bata sa paaralan sa Japan. Bibigyan kayo ng “Application Form for Non-Japanese Students” (Gaikokujin Jido / Seito Nyugaku Shinsei-sho) o “A Guide for School Enrollment (Shugaku Annai) (para lamang sa mga bagong papasok sa paaralan). Talaan ang mga kinakailangang bagay at i-submit sa nasabing opisina.

Makaraan ang ilang araw, makatanggap kayo ng “Certificate of Admission for Non-Japanese Students” (Gaikokujin Jido / Seito Nyugaku Kyoka-sho) mula sa Municipal Board of Education. Kumpirmahin ang itinalang pangalan at lugar ng paaralan. (Mayroon din sitwasyon na maaari ninyong matanggap ang “Certificate of Admission for Non-Japanese Students” sa oras na mag-submit ng papeles.)

2) Paraan sa Paaralan

Dalhin ng mga magulang/tagapag-alaga ang “Certificate of Admission for Non-Japanese Students” (Gaikokujin Jido / Seito Nyugaku Kyoka-sho) at pumunta sa paaralan na kasama ang bata. Doon, makikipag-usap sa guro ukol sa magiging buhay sa paaralan sa hinaharap. Kung ang dayuhang estudyante ay kukuha ng edukasyon sa paaralan sa Japan, pangkaraniwan, ang turing ay pareho sa mga estudyanteng Hapon.

Sa mga paaralan sa Japan, itinatakda ang baytang na papasukan ng bata ayon sa edad (ang mga batang ipinanganak mula ika-2 ng Abril

ただし、日本語が不自由である等の事情により、ただちに学齢相当学年の課程における教育を受けることが適切でないと思われる場合は、一時的に下学年に編入する措置がとられることもあります。

そのほか、地域によっては決められた学校ではなく、日本語の指導が充実した学校に変えることができる場合もありますので、今、お住まいの地域にある市区町村教育委員会に相談してください。

3) 学校での手続きに必要な事項

指定された学校に出向くとき、母国で受領した学校関係の書類(在籍証明書や成績証明書など)があれば、それらを持参してください。

学校では、今後の学校生活を有意義なものにするために、次のようなことについて話し合います。

- a) ・ 編入前に受けた教育
- ・ 在留予定期間
- ・ 母国での学年(就学年数)
- ・ 本人及び家族の日本語使用の様子
- b) ・ 本人と家族の氏名
- ・ 生年月日
- ・ 現住所
- ・ 家族構成
- ・ 連絡方法(緊急時・勤務先・通訳等)
- ・ 登下校の方法
- ・ 健康の状況(既往歴、視力、聴力、持病、食習慣)

hanggang sa ika-1 ng Abril ng susunod na taon ay nasa parehong baytang). Bilang tuntunin, ang batang dayuhan ay ipinapasok din ayon sa kanyang edad na nararapat sa baytang, kung kaya't maaaring hindi magkatugma ang baytang ng bata sa paaralan sa kanyang sariling bansa.

Subalit, kung itinuring na hindi pa nakahanda ang bata sa nararapat na baytang dahil sa hindi sapat ang kakayahan sa wikang Hapon o iba pa, maaari ipasok muna ng pansamantala sa mas mababang baytang.

Bukod dito, kahit hindi sa paaralan na itinala ayon sa lugar, maaarin din ilipat ang bata sa paaralan na mayaman sa pagtuturo ng wikang Hapon kung kaya't kumonsulta po lamang sa Municipal Board of Education sa lugar na inyong tinitirahan sa pangkasalukuyan.

3) Mga Kinakalangang Bagay sa Pagpasok sa Paaralan

Kung pupunta sa itinakdang paaralan, dalhin kung mayroong papeles na may kinalaman sa pag-aaral ng bata na tinanggap sa kanyang sariling bansa (halimbawa, certificate of enrollment o transcript of records).

Sa paaralan, upang maging makabuluhan ang buhay sa paaralan sa hinaharap, pag-uusapan ang ukol sa mga sumusunod na bagay :

- a)
 - Edukasyon na kinuha ng bata bago pumasok
 - Balak na panahon ng pagtigil sa Japan
 - Baytang ng bata sa sariling bansa (bilang ng taon ng ipinasok)
 - Sitwasyon sa paggamit ng bata at ng pamilya ng wikang Hapon
- b)
 - Pangalan ng bata at ng pamilya
 - Petsa ng kapanganakan
 - Kasalukuyang tirahan
 - Kabuuan ng pamilya
 - Paraan ng pagkontak (oras ng emergency/lugar ng pinagtatrabahuan/interpreter at iba pa)
 - Paraan ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi sa bahay
 - Kundisyon ng kalusugan (anamnesis, paningin, pandinig, chronic illness at mga nakagawian sa pagkain)

(2) 国内での転校に際しての手続き

日本国内で住居の移転等により、就学すべき学校が変わる場合は、保護者は現在通学している学校に「転学届け」(市区町村教育委員会により名称や扱い方が異なります)を提出し、「在学証明書」、「教科用図書給与証明書」の発行を受けます(学校をやめる必要はありません)。なお、児童生徒の学習等の状況を記録した書類は、在籍校から転学校へ届けられる仕組みになっています。

他の市区町村へ移転するときは、転入先の市区町村役場に「外国人登録」をするとともに、転学校への「転入学通知書」(又は「入学許可書」)を受取り、転入校へ行ってください。その際、転出校で受け取った「在学証明書」、「教科用図書給与証明書」を提出してください。

日本の市区町村教育委員会や学校は、他の市区町村との連絡を正確迅速に行っております。

転校に際しては、必ず市区町村教育委員会か学校に事前に相談してください。

(2) Paraan sa Paglipat ng Paaralan sa Loob ng Bansa (Japan)

Kung kailangang lumipat ng paaralan ang bata dahil sa paglipat ng tirahan o iba pa sa loob ng bansang Japan, kailangan mag-submit ang mga magulang/tagapag-alaga sa kasalukuyang paaralan ng “Transfer Notice” (Tengaku Todoke) (Maaaring iba ang pangalan o pag-aayos ayon sa Municipal Board of Education) at tatanggap kayo ng “Student Registration Certificate” (Zaigaku Shomeisho) at “Certificate for Provision of Textbooks” (Kyokayotosho Kyuyo Shomeisho) (Hindi kinakailangang huminto sa paaralan). Ang mga dokumentong nakatala ang mga kalagayan sa pag-aaral ng batang estudyante ay ipapadala ng kasalukuyang paaralan sa lilipatang paaralan ayon sa sistema.

Kung lilipat sa ibang munisipalidad, isagawa ang [alien registration] sa opisina ng gobyerno ng lilipatan at humingi ng “Notice of School Transfer” (Tennyugaku Tsuchisho) (o “Enrollment Permit” (Nyugaku Kyokasho), at pumunta sa lilipatang paaralan. I-submit ang “Student Registration Certificate” at “Certificate for Provision of Textbooks” na tinanggap ninyo sa dating paaralan.

Isinasagawa ng tama at mabilis ang pakikipag-alam ng Municipal Board of Education o paaralan sa ibang munisipyo.

Sa paglipat ng paaralan, kumonsulta muna sa Municipal Board of Education o paaralan.

3. 学校生活について

(1) 学校の1日

授業時間数や下校時刻は、曜日や学年により異なります。6年生では1日だいたい5～6時限（1時限は、一般に、小学校は45分、中学校は50分）です。土曜日、日曜日は休みです。

小学校では、授業は担任の先生が中心になって指導します。中学校では、教科ごとに先生が替わります。

◆給食時間

小学校及び中学校では、多くの場合、学校教育活動の一環として学校給食が実施されています。学校給食では、子どもたちが、自分たちで配膳したり、後かたづけをするほか、みんなそろって楽しく、栄養バランスのとれた食事をとることを通じて、正しい食事の在り方や好ましい人間関係を学び、生涯にわたって健康な生活を送れるよう、様々な工夫がなされています。

学校給食にかかる経費のうち、食材料費については、保護者が負担することとなっており、地域や学年によって異なりますが、1か月あたり3,500円～4,500円程度の負担となっています。

なお、一部の中学校等では、学校給食が実施されていない場合もあります。

◆清掃時間

日本の学校では、自分たちの使う教室や校庭などを皆で分担して、きれいに清掃します。

◆部活動

児童生徒のうち希望者は、放課後に、運動や文化的な活動を行うことができます

3. Ukol sa Buhay sa Paaralan

(1) Ang Isang Araw sa Paaralan

Ang bilang ng oras ng klase at pag-uwi ay iba-iba ayon sa araw at baytang.

Ang mga estudyanteng nasa grade 6 ay may mga lima o anim na klase sa isang araw (karaniwan, 45 minuto ang isang klase sa elementarya at 50 minuto sa junior high school). Walang pasok sa Sabado at Linggo.

Sa elementarya, ang homeroom teacher (adviser) ang magiging sentro sa pagtuturo sa klase. Sa junior high school, magpapalitan ang mga guro ayon sa subject.

◆ Oras ng School Lunch

Karamihan sa mga elementarya at junior high school ay isinasagawa ang school lunch bilang bahagi ng aktibidad ng edukasyon sa paaralan.

Sa school lunch, maliban sa sariling paghahanda at pagliligpit ng mga bata, isinasagawa ang iba't ibang paraan upang masayang magkakasalo sa pamamagitan ng pagkain ng may tamang balanse, upang matutunan ang tamang pagkain at pakikisama sa ibang tao, at magkaroon ng malusog na pamumuhay sa buong buhay,

Ang bahagi ng gastos sa pagkain, ang gastos sa sangkap ng pagkain ay sinasagot ng mga magulang/tagapag-alaga. May pagkakaiba ang halaga ayon sa lugar at baytang, subalit, ang halaga ng sasagutin sa isang buwan ay ¥3,500~¥4,500 lamang.

Mayroon din mga ilang junior high school na hindi nagsasagawa ng school lunch .

◆ Oras ng Paglilinis

Sa paaralan sa Japan, naghahati silang lahat sa paglilinis ng kanilang mga classroom, school yard at iba pa.

◆ Ekstra-Kurikular na Aktibidad

Matapos ang klase, maaaring magsagawa ng aktibidad tulad ng isports o aktibidad na pang-kultura ang mga batang estudyante na nagnanais gumawa.

(2) 学校の1年

日本の学校は毎年4月に始まり、3月に終わります。学年はいくつかの期間に区分（学期）されており、多くの学校は3つの学期に分かれています。各学期の主な学校行事は次のとおりです（下記の例は3学期制の場合であり、学校行事の名称や実施形態・時期などは、地域や学校により異なります）。

1学期 4月～7月

●始業式（4月）

第1学期の始まりを告げる行事です。

●入学式（4月）

1年生に入学する児童生徒を迎え、祝福する行事です。児童生徒並びに保護者は、通常、正装して入学式に出席します。

●身体測定・定期健康診断（4月～6月）

児童生徒の身長、体重、座高の発育の様子を測定します。

児童生徒の身体の様子・健康状態を医者が診断します。

●修学旅行

主に最高学年において、学年全員で数日間の旅行・宿泊を伴う行事です。

●遠足

教室では勉強できないことを校外に出て、自然や歴史・文化に親しみながら学ぶためのフィールドトリップです。

●授業参観・学級懇談会

児童生徒が毎日どのように学校や家庭での生活をしているかについて、保護者がそろって教室での授業風景をみたり、保護者と担任の先生が情報を交換する機会です。

●終業式（7月）

第1学期の終わりを告げる行事です。

●夏休み（7月末～8月末）

約30～40日間の長い休みです。

希望により、学校で、特別学習や部活動など活動をすることもできます。

(2) Ang Isang Taon sa Paaralan

Ang paaralan sa Japan ay nagsisimula sa Abril at nagtatapos sa Marso taun-taon. Ang taunang pag-aaral ay nahahati sa ilang panahon (semestre) na karamihan sa mga paaralan ay nahahati sa tatlong semestre. Ang mga pangunahing event sa paaralan sa bawat semestre ay ang mga sumusunod (Ang halimbawang nakatala sa ibaba ay para sa sistemang pang-tatlong semestre, at ang tawag, mga ginagawa sa event sa paaralan o panahon ay may pagkakaiba ayon sa lugar at paaralan).

Ang Unang Semestre: Abril~Hulyo

- **Opening Ceremony (Shigyo-shiki) (Abril)**
Ito ay event na nagpapahayag sa simula ng unang semestre ng paaralan.
- **Entrance Ceremony (Nyugaku-shiki) (Abril)**
Ito ang event na nagsasalubong at nagbibigay-puri sa mga batang estudyanteng papasok sa unang baytang. Karaniwan ay nagbibihis ang mga bata at mga magulang/tagapag-alaga ng pormal sa pagdalo sa entrance ceremony.
- **Pagsukat sa Katawan/Panahunang pagsusuri sa Kalusugan (Shintai Sokutei at Kenko Shindan) (Abril/Hunyo)**
Sinusukat ang paglaki ng mga batang estudyante sa pamamagitan ng taas, bigat, taas kung naka-upo. Ang mga doktor ang titingin sa kalagayan/kundisyon ng kalusugan ng mga batang estudyante.
- **School Tour (Shugaku Ryoko)**
Ito ay event na karaniwan ay para mga estudyanteng nasa pinakahuling baytang, na ang lahat ng estudyante sa baytang ay bibiyahe (tour) at manatili sa mga paupahang silid-tulugan ng ilang araw.
- **Excursion (Ensoku)**
Ang field trip ito ay may layuning matutunan ang mga bagay na hindi maaaring mapag-aralan sa loob ng classroom, mapalapit ang loob at mapag-aralan ang mga kalikasan, kasaysayan (history)/kultura.
- **Pagdawal ng Magulang/Tagapag-alaga sa Paaralan/Impormal na Talakayan ng mgamagulang/tagapag-alaga at mga guro (Jugyo Sankan/Gakkyu Kondan-kai)**
Ito ay pagkakataon na magkakasamang titingnan ng mga magulang/tagapag-alaga ang nangyayari sa loob ng classroom, at ang mga magulang/tagapag-alaga ay magpapalitan ng impormasyon sa mga guro (homeroom teacher) ukol sa kung paanong namumuhay ang mga batang estudyante sa paaralan at tahanan sa araw-araw.
- **Closing (End of Term) Ceremony (Shugyo-shiki)- Hulyo**
Ito ay event na nagpapahayag ng pagtatapos ng unang semestre.
- **Summer Holiday (Natsu-yasumi) (Katapusan ng Hulyo ~Katapusan ng Agosto)**
Isang mahabang bakasyon na may mga 30~40 araw.
Maaaring magsagawa ng aktibidad sa paaralan tulad ng espesyal na pag-aaral o ekstra-kurikular na aktibidad ayon sa nais.

2 学期 9月～12月

●始業式（9月）

第2学期の始まりを告げる行事です。

●運動会・体育大会

短距離走やリレー、玉入れやダンスなどをしたり、学級の友達の応援をしながら、運動に親しむ行事です。学校によっては、家族も参加できる種目を用意しています。

●音楽・演劇鑑賞会

優れた芸術を鑑賞したり、聴いたりして心を豊かにします。

●学芸会・文化祭

図画工作、技術・家庭科等で製作した作品や社会科・理科等で学習したレポートなどを展示したり、楽器の演奏や合唱、演劇等の発表をしたり、それらを鑑賞したりする会です。

●終業式（12月）

第2学期の終わりを告げる行事です。

●冬休み（12月末～1月初め）

約2週間の比較的短い休みです。

3 学期 1月～3月

●始業式（1月）

第3学期の始まりを告げる行事です。

●卒業式（3月）

最上級生の学校の卒業を祝う行事です。

●修了式（3月）

第3学期の終業式であるとともに、1年の締めくくりを行う行事です。

●春休み（3月末～4月初め）

修了式が終わると、春休みになります。この休みが終わると進級して、4月から新しい学年で勉強することになります。

Ang Pangalawang Semestre: Setyembre~Disyembre

- **Opening Ceremony (Shigyo-shiki)- Setyembre**
Ito ay event na nagpapahayag ng simula ng pangalawang semestre.
- **Araw ng Isports (Athletic/P.E) (Undokai /Taiku-taikai)**
Ito ay isang event sa pamamagitan ng maikling takbuhan, relay, ball games, pagsasayaw at upang mapalapit ang loob sa isports habang pinapalangkapan ng mga kaibigan sa klase. May mga naghahandang palaro na maaaring salihan ng pamilya ng estudyante ayon sa paaralan.
- **Musika / Panonood ng Teatro (Ongaku / Engeki Kansho-kai)**
Pagyayamanin ang puso sa pamamagitan ng panonood at pakikining sa magagaling na sining.
- **Art Exhibition/Cultural Festival (Gakugeikai / Bunkasai)**
Ang event ito ay ang pagpapakita ng mga report sa ginawang proyekto sa na napag-aralan sa Sining, Teknikal/Araling Pantahanan, Araling Panlipunan, Agham, pagsasagawa ng tugtog at korus ng instrumentong pang-musikal at pagsasagawa ng teatro at iba pa.
- **Closing (End of Term) Ceremony (Shugyo-shiki)- Disyembre**
Ito ay event na nagpapahayag ng pagtatapos ng pangalawang semestre.
- **Winter Holiday (Fuyu-yasumi) (katapusan ng Disyembre~simula ng Enero)**
Maikling bakasyon kung ikukumpara na may mga dalawang lingo.

Ang Pangatlong Semestre: Enero~Marso

- **Opening Ceremony (Shigyo-shiki) (Enero)**
Ito ay event na nagpapahayag ng simula ng pangatlong semestre.
- **Graduation Ceremony (Sotsugyo-shiki) (Marso)**
Ito ay event na pagdiriwang sa pagtatapos sa paaralan ng mga estudyanteng nasa pinakahuling baytang.
- **Ending Ceremony (Shuryo-shiki) (Marso)**
Ito ay event na isinasagawa sa pagtatapos ng pangatlong semestre at taon.
- **Spring Holiday (Haru-yasumi) (katapusan ng Marso~simula ng Abril)**
Nagsisimula ang spring holiday matapos ang ending ceremony. Matapos ng bakasyong ito, tutuloy sa mas mataas na baytang at nagsisimula ang pasukan sa bagong baytang sa Abril.

●国民の祝日

日本の国民こぞって祝い、感謝し、又は記念する日を言い、この日は学校も休みになります。

- | | |
|----------------|--|
| 1月1日（元日） | 年のはじめを祝います。 |
| 1月第2月曜日（成人の日） | おとな（二十歳）になったことを自覚し、みずから生き抜こうとする青年を祝いはげめます。 |
| 2月11日（建国記念の日） | 建国をしのび、国を愛する心を養います。 |
| 3月春分日（春分の日） | 自然をたたえ、生物をいつくしみます。 |
| 4月29日（みどりの日） | 自然に親しむとともにその恩恵に感謝し、豊かな心をはぐくみます。 |
| 5月3日（憲法記念日） | 日本の国の憲法の施行を記念し、国の成長を願います。 |
| 5月4日（休日） | その前日及び翌日が「国民の祝日」である日は「休日」となります。 |
| 5月5日（こどもの日） | こどもの人格を重んじ、こどもの幸福をはかるとともに、母に感謝します。 |
| 7月第3月曜日（海の日） | 海の恩恵に感謝するとともに、海洋国日本の繁栄を願います。 |
| 9月第3月曜日（敬老の日） | 多年にわたり社会につくしてきた老人を敬愛し、長寿を祝います。 |
| 9月秋分日（秋分の日） | 祖先をうやまい、なくなった人々をしのびます。 |
| 10月第2月曜日（体育の日） | スポーツに楽しみ、健康な心身をつちかいます。 |
| 11月3日（文化の日） | 自由と平和を愛し、文化をすすめます。 |
| 11月23日（勤労感謝の日） | 勤労をたつとび、生産を祝い、国民たがいに感謝しあいます。 |
| 12月23日（天皇誕生日） | 天皇の誕生日を祝います。 |

● Mga Piyesta Opisyal

Mga Araw ng pagdiriwang, pagpapasalamat o pag-aalaala sa mga mamamayan sa buong Japan. Wala ring pasok sa paaralan sa mga araw na ito.

Enero 1 (Bagong Taon)	Ipagdiriwang ang pagsisimula ng bagong taon.
Pangalawang Lunes ng Enero (Coming of Age Day)	Ipagdiriwang ang pagkakaroon ng kamalayan sa pagiging mayor-de-edad (20 taon gulang) ng mga kabataan na magsisimulang mamuhay ng sarili
Pebrero 11 (National Foundation Day)	Pag-gunita sa pagkakatatag ng bansa, magkaroon sa kalooban ng pagmamahal sa bansa.
Marso (Vernal Equinox Day)	Paghanga sa kalikasan at pagpapahalaga sa mga nilalang.
April 29 (Greenery Day)	Pagpapayaman at paglalapit ng kalooban sa kalikasan at pasasalamat sa mga pakinabang na idinudulot nito.
Mayo 3 (Araw ng Konstitusyon)	Ipinagdiriwang ang pagpoproklama ng Konstitusyon ng Japan at ang paghahangad sa pag-unlad ng bansa.
Mayo 4 (walang-pasok)	Dahil nasa pagitan ito ng dalawang piyesta opisyal, naging araw din ito na walang-pasok.
Mayo 5 (Araw ng mga Bata)	Pagpapahalaga sa pagkatao ng mga bata at hangarin ang kanilang kaligayahan; at pagpapasalamat sa mga ina.
Pangatlong Lunes ng Hulyo (Araw ng Karagatan)	Pagpapasalamat sa mga pakinabang na idinudulot ng dagat at hangarin ang kaunlaran ng bansang napapaligiran ng karagatan.
Pangatlong Lunes ng Setyembre (Araw ng Paggalang sa mga Matatanda)	Paggalang sa mga matatanda at pagpapasalamat sa mga itinulong nila sa lipunan; pagdiriwang sa kanilang mahabang buhay.
Setyembre (Autumnal Equinox Day)	Paggalang sa mga ninuno at paggunita sa mga namatay.
Pangalawang Lunes ng Oktubre (Araw ng Isports)	Paglalapit ng kalooban sa isports at magkaroon ng malusog na katawan
Nobyembre 3 (Araw ng Kultura)	Pagpapahalaga sa kalayaan at kapayapaan; pagpapalunlad ng kultura
Nobyembre 23 (Labor Thanksgiving Day)	Pagpapahalaga sa paggawa, pagdiriwang sa produksyon at pagpapasalamat sa isa't isa
Disyembre 23 (Kaarawan ng Emperador)	Para ipagdiwang ang kaarawan ng emperador.

(3) 評価

- 児童生徒の成績や学校生活の様子については、学期末の通知表などにより、学校から家庭に伝えられます。

(4) きまり・規則

一人一人が健康で安全に楽しい生活が送れるように、学校にはいろいろなきまりがあります。

小学校では、服装や持ち物の規定がないのが普通ですが、体育の授業の時は、動きやすい運動着に着替えるのが一般的です。

中学校では、それぞれの学校で服装を規定していることが多いといえます。靴は、歩いたり、運動しやすいものが使われています。また、校舎内では、日本の風習として、多くの学校で上履きに履き替えるのが普通です。

マニキュアをしたり、ピアス等のアクセサリーを付けて学校へ来ることは、禁じられている場合がほとんどです。

学校でおやつを買ったり、食べたりすることは通常できません。

(5) 健康と安全

学校では、児童生徒の健康と安全に留意しています。児童生徒が病気になったり、けがをしたときには、保健室で応急手当ををし、必要により病院や家庭に連絡をします。また、法律の定めるところにより定期的に健康診断も行います。

◆保健室

児童生徒が病気になったり、けがをしたりしたときなどは、養護の先生などが、保健室で応急手当ををし、必要により病院や家庭に連絡します。また、養護の先生は健康管理や保健指導、健康相談なども実施します。

(3) Pagbibigay ng Marka

- Ipinaalam ang marka ng mga batang estudyante at ang kalagayan ng pamumuhay sa paaralan sa pamamagitan ng school report sa katapusan ng semestre at sa iba pang mga paraan.

(4) Regulasyon/Patakaran sa Paaralan

May iba't ibang regulasyon sa paaralan upang magkaroon ang isa't isang estudyante ng ligtas, mabuting kalusugan at masayangpamumuhay sa paaralan.

Sa elementarya, karaniwang walang tuntunin sa pagdadamit at sa mga gamit pang-paaralan, ngunit kailangang magbihis sila ng sports-wear na madaling ikilos sa oras ng klase sa physical education.

Sa junior high school, karaniwang may sariling tuntunin ang bawat paaralan sa pagdadamit. Dapat magsuot ang estudyante ng sapatos na madaling ilakad at ikilos. Gayundin, At bilang isang kaugaliang Hapon, karamihan sa mga paaralan ay karaniwang nagsusuot ng sapatos na gamit lamang para sa loob ng paaralan.

(5) Kalusugan at Kaligtasan

Binibigyan ng atensyon sa paaralan ang kalusugan at kaligtasan ng mga batang estudyante. Kung magkakasakit o masusugatan ang mga estudyante, binibigyan sila ng first-aid treatment sa health room ng paaralan, tatawagan ang ospital at tahanan ng bata kung kinakailangan. Gayundin, bilang pagsunod sa batas, nagbibigay ng regular na pagsusuri sa kalusugan ang mga paaralan.

◆ Health Room

Kung magkakasakit o masusugatan ang mga batang estudyante, binibigyan sila ng first-aid treatment ng mga nars ng paaralan sa health room, tatawagan ang ospital at bahay ng bata kung kinakailangan. Ang nars din ang namamahala sa pagtingin at pagbibigay ng payo ukol sa kalusugan ng mga estudyante.

◆定期健康診断

児童生徒の健康状態を把握するために、各分野の検査や診察を実施します。その結果に基づいて、治療勧告や保健指導を実施します。

- ・学校で行う検査

身長、体重、座高、視力、聴力、結核、心電図、尿検査、寄生虫
(学年により実施しないものもあります。)

- ・学校医による診察

内科、眼科、耳鼻咽喉科、歯科

◆予防接種

予防接種は、任意で学校で実施される場合があります。その場合、学校から配布された予診票に必要事項を記入し、捺印して提出します。医師が予診票に基づいて接種します。

ジフテリア、百日せき、破傷風、日本脳炎

◆独立行政法人日本スポーツ振興センター「災害共済給付」

学校生活中の事故やけがに備える制度として、「独立行政法人日本スポーツ振興センター」の「災害共済給付」制度が設けられています。掛け金の一部は保護者の負担になっています。

(6) 学校と家庭の連携

学校には、「PTA」という保護者と先生の会があり、協力しあって教育が円滑に進むよう支援する活動をしています。

保護者と先生が協力して、「親子参加による自然体験」や「登下校時の安全指導」などの活動を行います。

◆ **Regular na Pagsusuri sa Kalusugan**

Upang masubaybayan ang kondisyon ng kalusugan ng mga batang estudyante, isinasagawa ang bawat larangan ng medikal na inspeksiyon at pagsusuri. Isinasagawa ang rekomendasyon sa paggagamot at pagpapayo sa kalusugan ayon sa resulta na magiging basehan.

● **Mga inspeksiyon na isinasagawa sa paaralan**

taas, bigat, taas kung naka-upo, paningin, pandinig, tuberkulosis, electrocardiogram, ihi, test para sa bulate (may mga baytang na hindi isinasagawa ang eksaminasyon)

● **Medikal na Pagsusuri ayon sa Doktor ng Paaralan**

Loob ng katawan (internal medicine), mata (ophthalmology), tenga, ilong, lalamunan (otorhinolaryngology) , ngipin (dental).

◆ **Mga Bakuna**

Isinasagawa ang bakuna sa paaralan ayon sa pamimili. Sa ganitong pagkakataon, talaan lamang ang mga kinakailangang bagay sa preliminary check sheet na ipinamimigay ng paaralan, lagyan ito ng stamp (hanko) at i-submit. Isinasagawa ng doktor ang pagbabakuna ayon sa basehan na preliminary check sheet.

dipteria, pertussis, tetanus at Japanese encephalitis

◆ **Independent Administrative Agency Japan Sports Promotion Center [Casualty Insurance]**

Itinatag ang “Casualty Insurance” ng Independent Administrative Agency Japan Sports Promotion Center ang sistemang ito upang makapaghandang sa aksidente o sugat sa pagsasagawa ng aktibidad sa paaralan. Sinasagot ng mga magulang/tagapag-alaga ang isang bahagi ng premium.

(6) Pagtutulungan ng Eskuwelahan at Tahanan

May asosasyon ang mga magulang/tagapag-alaga sa paaralan na tinatawag na PTA (Parents and Teachers Association) na nagtutulungan sa aktibidad sa pagsuporta upang maipagpatuloy ng maayos ang edukasyon.

Sa pagtutulungan ng mga magulang/tagapag-alaga at mga guro, isinasagawa ang mga aktibidad tulad ng “pagdanas sa kapaligiran na magkasama ng mga magulang at anak” at “pagtuturo ukol sa kaligtasan sa oras ng pagpasok sa paaralan at pag-uwi”.

4. 教育相談について

(1) 学校の教育相談

日本の学校では、保護者と学校の先生が子どものことを話し合う教育相談の機会があります。子どもの学校生活上の問題、例えば、いじめ、不登校、進学悩みなどは、この機会を利用すると良いでしょう。必要な場合には、通訳などを介して相談することも良いでしょう。

学校の教育相談の機会は、概ね次のように分けられます。

1. 家庭訪問

学校の担任の先生が、子どもの家を訪問して、子どもの学校や家庭での様子について話し合います。学校によっては、実施しないところもあります。

2. 保護者会

保護者が学校に行って、校長先生の話や担任の先生と話し合います。個人的な相談よりは、子どもたち全体に関わる問題について話し合うことが中心となります。

3. 個人面談

通常は、子ども自身や子どもの保護者と担任の先生との間で行われる話し合いや相談を言います（子ども、保護者、担任の先生の三人で話し合うこともあります）。

個人的な悩みや問題を相談する上で、最も良い機会となります。個人面談は、定められた日時に行いますが、担任に事前に通知されます。また、学校によっては、保護者の申し出により、都合の良い日時に面談の機会を持ったり、通訳を付けたりするなどの配慮をします。

4. Konsultasyon Ukol sa Edukasyon

(1) Konsultasyon sa Edukasyon sa Paaralan

Ang mga paaralan sa Japan ay may konsultasyon sa edukasyon na nagbibigay ng pagkakataon ng mga magulang/tagapag-alaga at mga guro na makapag-usap ukol sa bata. Makabubuting gamitin ang pagkakataong ito kung nag-aalala sa pagpapatuloy sa pag-aaral dahil sa mga problema sa pamumuhay ng bata sa paaralan tulad ng pang-aapi, hindi pagpasok sa paaralan, at pag-aalala sa pagpapatuloy sa pag-aaral. Mabuti ring magsama ng interpreter sa konsultasyon kung kinakailangan.

Ang pagkakataon ng konsultasyon sa edukasyon sa paaralan ay halos nahahati ayon sa mga sumusunod:

1. Pagdalaw sa Tahanan (Katei homon)

Dumadalaw ang mga homeroom teacher ng paaralan sa bahay ng mga estudyante at pinag-uusapan ng magulang/tagapag-alaga at guro ang ukol sa kalagayan ng bata sa paaralan at tahanan. Mayroon din paaralan na hindi nagsasagawa nito.

2. Pulong ng mga Magulang/Tagapag-alaga at Guro

Pumupunta ang mga magulang/tagapag-alaga sa paaralan upang makinig sa prinsipal o makipag-usap sa mga homeroom teacher. Ang lahat ng may kinalaman sa bata ang magiging sentro ng usapan sa halip na indibiduwal na problema.

3. Indibiduwal na Panayam (Kojin mendan)

Ito ang konsultasyon na isinasagawa ang pakikipag-usap sa pagitan ng bata, bata at magulang/tagapag-alaga at homeroom teacher. (Maari din makipag-usap ang bata, magulang/tagapag-alaga at homeroom teacher na tatlo lamang.)

Ito ang pinakamabuting pagkakataon sa pakikipagkonsulta ukol sa mga indibiduwal na suliranin at problema. Ang indibiduwal na panayam ay isinasagawa sa itinakdang araw at oras subalit ito ay ipapa-alam muna ng homeroom teacher. Gayundin, ayon sa paaralan, isasagawa ang pagkakataon ng panayam sa araw at oras na maluwag ayon sa hiling ng mga magulang/tagapag-alaga at mayroon din konsiderasyon na paglalagay ng interpreter.

(2) 学校以外の教育相談機関

学校以外にも、子どもの教育相談を行う機会があります。特別支援教育を含めた就学に関わる相談やいじめ、不登校などについては、市区町村や都道府県の教育委員会もその相談窓口になります。

●市区町村・都道府県の教育相談機関

通常、公立の小・中学校は、市区町村教育委員会が管理し、公立の高等学校や盲・聾・養護学校は都道府県教育委員会が管理機関となっています。したがって、就学に関する相談は、まず、それぞれの学校を管理する教育委員会が窓口となります。

また、都道府県や市区町村の役場の中には、教育相談も含めた一般相談の外国人専用窓口を用意しているところもあり、英語、中国語、ポルトガル語、スペイン語などで、直接、相談することができます。

●就学援助に関する相談

経済的理由により、小・中学校への就学が困難な者に対する就学援助に関する相談は、市区町村教育委員会が窓口となります。

(2) Mga Institusyon ng Konsultasyon sa Edukasyon sa Labas ng Paaralan

Mga Institusyon ng Konsultasyon sa Edukasyon sa Labas ng Paaralan
Mayroon din mga institusyon sa labas ng paaralan na nagsasagawa ng konsultasyon sa edukasyon ng mga bata. Ang Municipal at Administrative Division ng Board of Education ang magiging bintana ng konsultasyon sa mga konsultasyon na may kinalaman sa pagpapasok, kasama na ang espesyal na pagsuporta sa edukasyon sa paaralan, pang-aapi at hindi pagpasok.

● **Mga Institusyon ng Konsultasyon sa Edukasyon sa Municipal/ Administrative Division**

Ang mga elementaryang pampubliko at junior high school ay karaniwang pinangangasiwaan ng Municipal Board of Education, samantalang pinangangasiwaan naman ng Administrative Board of Education ang mga senior high school na pampubliko at paaralan para sa mga bulag/bingi/at mga batang may kapansanan sa katawan o pag-iisip. Kung kaya't, kumonsulta muna sa Board of Education na nangangasiwa sa bawat paaralan sa bintana ng mga konsultasyon na may kinalaman sa pagpasok sa paaralan.

Gayundin, maaari din kumonsulta ng personal sa loob ng administrative division at municipal office na may nakahandang bintana para sa mga banyagang tao ukol sa konsultasyon sa edukasyon, kasama ang pangkaraniwang edukasyon na maaaring ikonsulta sa salitang Ingles, Tsino, Portuges, Espanyol at iba pang wika.

● **Konsultasyon na may Kinalaman sa Suporta sa Pagpasok sa Paaralan (Financial Assistance)**

Ang Municipal Board of Education ang magiging bintana sa mga konsultasyon na may kinalaman sa suporta sa pagpasok sa paaralan sa mga taong nahihirapan sa pagpasok sa elementarya/junior high school ayon sa pinansyal na dahilan.

しゅうがくあんない れい
[就学案内の例]

ねん がつ にち
年 月 日

ほごしゃ さま
保護者 様

きょういくいいんかい
教育委員会

こさま にゅうがく
お子様の入学にあたって

あなたのお子様は4月から小学校(中学校)に入学する年齢となりますので、下記
の小学校(中学校)に入学を希望される場合は、ねん がつ にち
年 月 日までに
きょういくいいんかい しゅうがくしんせいしょ ていしゅつ
教育委員会に就学申請書を提出してください。

かくがっこう こくせき ちが へんけん さべつ くに せいかつ
各学校では、国籍が違うことによる偏見や差別をなくし、それぞれの国の生活や
ぶんか りかい い たいど そだ どりょく
文化を理解し、ともに生きていこうとする態度を育てるための努力をしています。

き
記

にゅうがくよていこう
入学予定校：

にゅうがくきじつ ねん がつ にち
入学期日： 年 月 日

[Halimbawa ng Guide for School Enrollment (Shugaku Annai)]

Taon Buwan Araw

Sa mga magulang/tagapag-alaga

Lupon ng Edukasyon
(Board of Education)

Ukol sa pagpasok ng bata sa paaralan

Ang inyo pong anak/alaga ay nasa tamang gulang na upang pumasok sa elementarya (junior high school) mula Abril. Kung nais pong pumasok sa elementarya (junior high school) na nakatala sa ibaba, i-submit po lamang ang aplikasyon sa pagpasok sa paaralan sa Board of Education bago sa Taon(年) Buwan(月) Araw(日).

Pinagsisikapan ng bawat paaralan na alisin ang mga masamang palagay o pambubukod dahil sa pagkaka-iba ng bansa, unawain ang bawat pamumuhay o kultura at linangin ang asal na mamuhay ng magkasama.

Tala

Itinakdang paaralan na papasukan:

Araw ng pagpasok: Taon Buwan Araw

発行元：文部科学省国際教育課
東京都千代田区丸の内2-5-1
(03) 5253-4111(内2035)